BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas.

Mga Hotel at Akomodasyon

CHICAGO

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Ano ang nasa gabay na ito?

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa

Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong

Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit

Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan

Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok

Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis

Mga ginawa para disimpektahan ang lugar

Nakikitang patnubay

Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho

Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad

Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtatrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Mga matatag na operasyon

Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe

Paghihigpit sa pagpapalipat-lipat ng lokasyon ng mga tao

Pagsusuri / pagsubaybay

Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE CHICAGO

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Nakaguhit na Halimbawa

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Ano ang maaaring maging iba?

1. Mga **marka ng 6 na talampakan** na nakalagay sa lahat ng pampublikong lugar para itaguyod ang paglayo sa kapwa; kailangan ang **mga pantakip sa mukha** sa lahat ng pampublikong lugar
2. Araw-araw **na paglilinis ng kuwarto habang nananatili ang bisita kapag hiniling lamang** upang limitahan ang oras ng tauhan sa mga kuwarto ng bisita
3. Bukas ang mga restaurant at bar sa **pinababang kapasidad** para sa pagkain / pag-inom sa loob
4. **Mga nakikitang palatandaan** sa buong pasilidad tungkol sa kalinisan ng katawan, paglayo mula sa kapwa, wastong PPE at higit pa
5. Hinihikayat ang mga bisita na gamitin ang **mobile na check-in / out** at mga susi
6. Ang mga **lugar na madalas hinahawakan** tulad ng mga elevator ay madalas na lilinisin ng mga empleyado
7. **Limitadong pagpupulong** sa mga pampublikong lugar tulad ng mga lobby

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE CHICAGO

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Mga malusog na pakikisalamuha

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Tiyakin ang >6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga indibidwal; pangasiwaan ang mga lugar na maaaring pagtipunan

- Tiyaking lumalayo sa kapwa ang mga bisita sa masisikip na lugar o lugar kung saan nagpupulong ang mga tao (hal., mga pila, pahingahan, at kung maaari, mga elevator)
- Tiyaking 6 na talampakan ang layo ng mga istasyon ng trabaho; kung hindi maaari, magbigay ng mga naaangkop na harang/pananggalang at gawin ang lahat ng mga maaaring pagbabago para paghiwa-hiwalayin ang mga lugar ng paghahanda ng pagkain at pagbibigay ng serbisyo
- Isaayos ang mauupuan sa event para gawing posible ang paglayo sa kapwa sa pagitan ng mga bisita

Limitahan ang mga pagpupulong sa hindi hihigit sa 50 indibidwal, at hindi hihigit sa 40% ng kapasidad para sa mga pampublikong lugar

- Limitahan ang mga pagtitipon ng mga empleyado at bisita sa hindi hihigit sa 50 indibidwal para sa mga espasyong nasa loob, habang isinasagawa ang paglayo sa kapwa
- Limitahan ang mga pagtitipon ng mga empleyado at bisita sa hindi hihigit sa 100 indibidwal para sa mga espasyong nasa labas, habang isinasagawa ang paglayo sa kapwa
- Limitahan sa 40% ang kapasidad para sa lahat ng panloob na espasyo (hindi kasama ang mga indibidwal na kuwarto sa hotel at kabuuang kapasidad ng kuwarto ng hotel para sa bisita)
- I-optimize ang paggamit ng elevator, paggamit ng mga marka sa sahig at/o paunawa, at bawasan ang laki ng mga pagtitipon sa mga lobby ng elevator at iba pang mga pampublikong lugar (kung saan maisasagawa)

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE CHICAGO

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Mga malusog na pakikisalamuha

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Tiyakin ang paggamit ng pamprotektang gamit ng mga empleyado at bisita

- Sa anumang espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat (hal., hindi kasama ang mga pribadong kuwarto ng hotel), dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Kung maaari, hikayatin ang paggamit ng guwantes ayon sa naaangkop para sa trabaho (hal., paghawak ng pagkain)
- Tiyaking nagsusuot ang mga tagalinis ng kuwarto ng mga pantakip sa mukha, guwantes, at naaangkop na pantakip sa mukha

Tiyakin ang malinis na pakikisalamuha (hal., mga regular na pagsasanay, sapat na sanitizer sa kamay)

- Kung naaangkop, magbigay ng pagsasanay sa lahat ng empleyado para sa mas masusing pamamaraan sa paglilinis at pag-sanitize
- Tiyakin ang madalas na paghuhugas ng kamay ng mga empleyado at customer
- Magbigay ng mga sanitizer sa kamay at/o mga wipe para sa mga bisita at katrabaho sa lahat ng pangunahing lokasyon sa buong hotel/akomodasyon (hal., lobby, lugar na may elevator, lugar para sa mga kaganapan, atbp.)
- Magbigay ng mga amenity (hal., sanitizer sa kamay, sabon, mga wipe) sa mga kuwarto ng bisita kapag hiniling ito

BE SAFE CHICAGO

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Magtaguyod ng patakaran at protokol sa pagsusuri sa empleyado

- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, susuriin ng mga empleyado ang kanilang sarili para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan – tingnan ang appendix)
- Hindi dapat pumasok o hayaang manatili sa trabaho ang mga empleyado o mga kontratista kung may sintomas sila o kapag nag-ulat sila ng pakiramdam na may sakit

Magtaguyod ng patakaran para sa pagpasok ng mga bisita / ikatlong partido sa mga establisyemento

- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Kung maaari, magbigay sa mga bisita ng abiso bago sila dumating tungkol sa mararanasan nila pagdating, mga protokol sa paglayo sa kapwa, at kinakailangang PPE
- Kung naaangkop, magpapasok ng bisita sa pamamagitan ng mga pintuang awtomatikong nagbubukas o pintong manu-manong pinapanatiling bukas ayon sa pinapahintulutan ng kodigo sa sunog

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Magtaguyod ng protokol para sa araw-araw at panggabing paglilinis ng mga pampublikong lugar

- Dalasan ang paglilinis sa mga pampublikong lugar, nang nakatuon sa mga madalas hawakan (hal., mga hawakan ng pintuan, ibabaw ng counter, call button at key pad sa elevator, bell desk, front desk, pampublikong banyo, susi ng kuwarto)
- Linisin ang mga ibinabahaging tool at kagamitan bago at pagkatapos ng bawat shift, o kapag inilipat ito sa bagong indibidwal
- Malinaw na pagbukurin ang paghawak ng mgagamit na "malinis" at "madumi"
- Madalas na disimpektahan ang mga madalas na hawakan na bagay kapag nagsasalamuha ang mga bisita at empleyado (hal., serbisyo sa pagdadala ng bagahe, valet parking)
- Dalasan ang paglilinis sa Front of House (lugar kung saan hinaharap ang mga bisita) / Back of House (lugar kung saan walang bisita) at paigtingin ang mga protokol sa mga lugar na maraming tao

Magtaguyod ng mga patakaran sa paglilinis para sa paglilinis ng kuwarto

- Mag-alok ng pang-araw-araw na serbisyo sa paglilinis ng kuwarto sa panahon ng pananatili kapag hiniling lamang (kapag wala sa kuwarto ang bisita)
- Tiyaking sinusunod sa paglilinis ng kuwarto ng bisita ang mga proseso ng paglilinis na inaprubahan ng Hotel Brand, EPA, at CDC, kabilang ang: pagbibigay ng dagdag na oras pagkatapos umalis ng bisita bago maglinis, paglilinis ng mga madalas hawakang lugar sa buong kuwarto, at wastong paghawak sa mga maduming kobre-kama at kumot
- Panandaliang huwag gamitin ang kuwarto para sumailalim sa protokol sa masinsinang paglinis kapag sinuri bilang positibo sa COVID-19 ang nanatili dito

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Maglagay ng nakikitang patnubay sa mga pamantayan sa kalinisan at mga kinakailangan para sa pagpasok ng mga empleyado / bisita

- Magpaskil ng mga alituntunin at pamantayan para sa pagpasok ng mga customer sa gusali, kabilang ang mga pantakip ng mukha, paglayo sa kapwa sa mga pampublikong lugar, at limitasyon sa laki ng mga pagpupulong
- Kung maaari, magdagdag ng mga marka o gabay sa mga sahig para maging malinaw ang inaasahang 6 na talampakang layo sa pagitan ng mga bisita

Pangasiwaan ang lugar ng trabaho para limitahan ang pakikisalamuha, pagbutihin ang daloy ng hangin sa mga espasyong nasa loob

- Ayusin ang mga lamesa o muwebles para maging 6 na talampakan ang layo sa mga pampublikong lugar at magkaroon ng paglayo sa kapwa sa pagitan ng mga grupo
- Tiyakin ang wastong paglilinis ng sistema ng HVAC, kabilang ang mga pagpapalit ng filter ng hangin na dapat gawin ayon sa yugto ng panahon na tinutukoy para sa produkto para makamit ang pinakamalinis at pinakamainam na daloy ng hangin na maaari
- Kung magagawa, damihan ang pagdaloy ng hangin sa mga espasyong nasa loob (hal., mga bintana, bentilasyon) ayon sa mga alituntunin ng CDC

BE SAFE CHICAGO

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Mga operasyon at pagsubaybay

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Limitahan ang pagpasok sa trabaho kung saan maaari

- Kung praktikal, bawasan ang personal na pakikisalamuha (hal., pag-isipang gumamit ng mga online na pagsasanay / virtual na pagpupulong ng tauhan)
- Pahintulutan ang mga empleyado na kayang magtrabaho mula sa tahanan na patuloy na magtrabaho mula roon

Limitahan ang pagsasabay-sabay ng shift

- Kung praktikal, iba-ibahin ang mga oras ng pagdating at pahinga/pagkain ng empleyado upang mabawasan ang pagdami ng pagtitipon (makipagtulungan sa lokal na CBA, kung naaangkop)

Hikayatin ang mga gawi para limitahan ang pakikisalamuha

- Kung maaari, isulong ang elektroniko / walang susi / walang pera / walang papel na pag-check in
- Hikayatin ang pagpapadala ng pagkain at pag-order, at palitan ang tradisyonal na room service (pagpapadala sa kuwarto) ng programa kung saan iniiwan ang pagkain sa labas ng pintuan (knock and drop program)
- Sundin ang mahahalagang alituntunin ng industriya para sa pagpapatakbo sa loob ng hotel (mga alituntunin sa paghahanda ng pagkain para sa mga restaurant at room service, mga alituntunin sa health at fitness para sa mga gym, atbp.)
- Gumawa ng mga maiaalok na pagkain at inumin na may limitado o walang pisikal na pagpapadala, at hikayatin ang mga binalot na pagkain (hal., suspendido muna ang mga buffet kung saan sariling kinukuha ang pagkain, at palitan ito ng mga a la carte na opsyon o "grab and go" ("kunin at umalis") na binalot na pagkain)
- Isulong ang naaangkop na paglayo sa kapwa sa pamamagitan ng pagbabago ng mga oras ng pagdating, oras ng pahinga, at paggalaw sa sentro ng pasilidad (ayon sa kinakailangan)

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE CHICAGO

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Mga operasyon at pagsubaybay

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Limitahan ang pagbiyahe para sa negosyo

- Kung magagawa, limitahan sa napakahalagang pagbibiyahe lamang ang pagbiyahe ng tauhan sa iba't ibang lokasyon ng hotel

Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyadong nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy na may COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Appendix

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Glosaryo

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspusang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagtitipon: Isang grupo ng indibidwal na hindi mula sa iisang sambahayan na bahagi ng hindi planado o planadong kaganapan na nagtitipon nang higit sa sampung minuto

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Maging ligtas. Mga Hotel at Akomodasyon

Mga dulugan sa pampublikong kalusugan

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

Pangkalahatang patnubay sa lugar ng trabaho

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika)*: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19)*: https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf

Patnubay para sa Akomodasyon sa Hotel

American Hotel and Lodging Association – *Safe Stay Report (Ulat sa Ligtas na Pananatili)*: https://www.ahla.com/sites/default/files/SafeStayReport.pdf

Illinois Hotel and Lodging Association – *Clean and Safe Guidance (Gabay para sa Kalinisan at Kaligtasan)* *http://www.illinoishotels.org/forms/IHLA_Hotel_ReOpening_Guidance.pdf*

OSHA – *Guidance for preparing the workplace (Gabay para sa paghahanda sa lugar ng trabaho)*: *https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf*

Pahayag ng Pagtanggi

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.

BE SAFE CHICAGO